# *Katapatan*

Mula sa paglalang ng Langit at lupa, mga halaman, hayop at sa huli ang tao, ang Dios ay mapagmahal at tapat sa mga bagay na na nilalang Niya. Nilalang niya ang lalaki si Adam sa sariling Niyang wangis, ***"26 At sinabi ng Dios, Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis: at magkaroon sila ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop, at sa buong lupa, at sa bawa't umuusad, na nagsisiusad sa ibabaw ng lupa. 27 At nilalang ng Dios ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae. 28 At sila'y binasbasan ng Dios, at sa kanila'y sinabi ng Dios, Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa, at inyong supilin; at magkaroon kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa bawa't hayop na gumagalaw sa ibabaw ng lupa." (Genesis 1:26-28 KJV)*** at Siya'y tapat sa kanya nang iniligay siya sa halamanan ng Eden sa dakong silangan. ***"8 At naglagay ang PANGINOONG Dios ng isang halamanan sa Eden, sa dakong silanganan: at inilagay niya roon ang taong kaniyang nilalang." (Genesis 2:8 KJV)*** Napakatapat ng Dios kay Adam gaya ng sinabi niya, ***"18 At sinabi ng PANGINOONG Dios, Hindi mabuti na ang lalake ay magisa; siya'y ilalalang ko ng isang katulong niya." (Genesis 2:18 KJV) "21 At hinulugan ng PANGINOONG Dios ng di kawasang himbing ang lalake, at siya'y natulog: at kinuha ang isa sa kaniyang mga tadyang at pinapaghilom ang laman sa dakong yaon: 22 At ang tadyang na kinuha ng PANGINOONG Dios sa lalake ay ginawang isang babae, at ito'y dinala niya sa lalake." (Genesis 2:21-22 KJV)*** Kaya't inilaan ng Dios ang lahat ng bagay, at kalauna'y ginawa ang isang asawa para sa lalaki at bumuo sa kanya ng isang pamilya.

Namuhay sina Adam at Eva sa halamanan ng Eden sa dakong silangan kasama ang Dios. Ngunit sila'y sumuway sa Dios nang kumain sila ng bunga ng punong kahoy ng nakakabatid ng mabuti at masama. ***"1 Ang ahas nga ay lalong tuso kay sa alin man sa mga hayop sa parang na nilikha ng PANGINOONG Dios. At sinabi niya sa babae, Tunay bang sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan? 2 At sinabi ng babae sa ahas, Sa bunga ng mga punong kahoy sa halamanan ay makakakain kami: 3 Datapuwa't sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna ng halamanan ay sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay. 4 At sinabi ng ahas sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay: 5 Sapagka't talastas ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang Dios, na nakakakilala ng mabuti at masama. 6 At nang makita ng babae, na ang bunga ng punong kahoy ay mabuting kanin, at nakalulugod sa mga mata, at kahoy na mananasa upang magpapantas sa tao, ay pumitas siya ng bunga niyaon at kinain; at binigyan din niya ang kaniyang asawang kasama niya, at ito'y kumain." (Genesis 3:1-6 KJV)*** Matapon nilang kumain mula sa punong kahoy nabuksan ang kanilang mga mata. ***"7 At nadilat kapuwa ang kanilang mga mata, at kanilang nakilalang sila'y mga hubad; at sila'y tumahi ng mga dahon ng puno ng igos, at kanilang ginawang panapi." (Genesis 3:7 KJV)*** Ngunit tapat pa rin ang Dios sa kanila at ginawa sa kanila ang sumusunod:

***1. Dinamitan silang ng Panginoon: "21 At iginawa ng PANGINOONG Dios si Adam at ang kaniyang asawa ng mga kasuutang balat at sila'y dinamitan." (Genesis 3:21 KJV)***

***2. Ipinangako ng Panginoon na mula sa binhi ng babae na may isa, na dudurog sa ulo ng ahas na nilinlang sina Adam at Eva at pinakain sila mula sa ipinagbabawal na bunga: "15 At papagaalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong." (Genesus 3:17 KJV)*** Ang Dios ay tapat na tuparin ang Kanyang pangako upang iligtas ang sangkatauhan mula sa kasalanan at mula kay Satanas. Ipinadala ng Panginoong Dios ang Kanyang anak na si Jesus mula sa birheng babaeng si Maria, ***"16 Sinabi niya sa babae, Pararamihin kong lubha ang iyong kalumbayan at ang iyong paglilihi; manganganak kang may kahirapan; at sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban, at siya'y papapanginoon sa iyo." (Genesis 3:17 KJV)*** Namatay si Jesus sa pagbabayad para sa kabayaran ng kasalanan ng tao. Tinubos ni Jesus ang tao mula sa kamatayan sa pamamagitan ng pagbubuhos ng Kanyang dugo sa krus. At sa pagkamatay at pagkabuhay Niya mula sa mga patay noong ikatlong araw dinurog ni Jesus ang ulo ng ahas, si Satanas, at nagapi niya. Sa pagsasakripisyo ni Jesus naging anak tayo ng Dios. Kinupkop tayo bilang Kanyang mga anak at naging ating Ama ang Panginoong Dios. Tayo'y pinawalang-sala at hindi na inaakusahan ni Satanas. At ang Panginoon ay patuloy na kumikilos sa atin upang pabanalin tayo mula sa anumang makasalanang gawain, inihahanda tayo upang iharap sa Kanya na Banal at walang kapintasan, kulubot o mantsa.

Ang Panginoong Jesus ay muling darating upang kunin tayo, na Kanyang sariling bayan, sa Langit at upang hatulan ang mundo, ***"1 Masdan ninyo kung gaanong pagibig ang ipinagkaloob sa atin ng Ama, upang tayo'y mangatawag na mga anak ng Dios; at tayo'y gayon nga. Dahil dito'y hindi tayo nakikilala ng sanglibutan, sapagka't siya'y hindi nakilala nito. 2 Mga minamahal, ngayon ay mga anak tayo ng Dios, at hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo. Nalalaman natin, na kung siya'y mahayag, tayo'y magiging katulad niya: sapagka't siya'y ating makikitang gaya ng kaniyang sarili. 3 At sinomang mayroon ng pagasang ito sa***

***kaniya ay naglilinis sa kaniyang sarili, gaya naman niyang malinis." (1 Juan 3:1-3 KJV)*** Kaya hanggang sa dumating ang panahong iyon kailangan nating maging masunurin at magtiwala sa Panginoon at maging tiwala na ang mabubuting gawa na sinimulan Niya sa atin ay tapat Niyang tatapusin ang mga ito. ***"6 Na ako'y may lubos na pagkakatiwala sa bagay na ito, na ang nagpasimula sa inyo ng mabuting gawa, ay lulubusin hanggang sa araw ni Jesucristo:" (Filipos 1:6 KJV)***

Ang nasa itaas na paglalarawan ng ginawa ng Dios sa atin ay nagsasabi hindi lamang tungkol sa Kanyang dakilang Pagibig, kundi gayundin tungkol sa Kanyang katapatan. Nilalang tayo ng Dios sa Kanyang sariling wangis at sa Kanyang katulad at katapatan. Isa ang katapatan sa bunga ng Banal na Espiritu na simulang makita sa ating buhay matapos ng tanggapin si Jesus.

Kailangan ang katapatan sa lahat ng aspeto ng buhay. Ang katapatan ay ang iyong kagustuhang ibalik ng kung anong tinanggap mo ng mabubuting bagay. Ang kawalang katapatan ay kapag nakatanggap ka ngunit hindi mo handang ibalik. Ang katapatan ay isa sa bunga ng Banal na Espiritu na nagsisimulang makita sa ating buhay matapos nating tanggapin si Jesus at ito'y naglalaman ng sumusunod na aspeto:

***A. Kailangan ng katapatan patungo sa Dios: "37 At sinabi sa kaniya, Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo." (Mateo 22:37 KJV)*** Dapat ang Dios ang iyong pangunahin prayoridad; ang iyong buhay ay dapat kalugudlugud sa Kanya. Dapat kang mamuhay sa kabanalan at kalinisan at gumagawa ng mga gawa ng kabutihan at katuwiran na magbibigay kaluwalhatian sa Dios, gaya ng iniutos sa atin ng Salita ng Dios, ***"16 Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit." (Mateo 5:16 KJV)*** Ang katapatan ay pagbabasa ng iyong Bibliya upang mabuti mong makilala ang Dios at sundin ang Salita ng Dios, ***"8 Ang aklat na ito ng kautusan ay huwag mahihiwalay sa iyong bibig, kundi iyong pagbubulayan araw at gabi, upang iyong masunod na gawin ang ayon sa lahat na nakasulat dito: sapagka't kung magkagayo'y iyong pagiginhawahin ang iyong lakad, at kung magkagayo'y magtatamo ka ng mabuting kawakas an." (Joshue 1:8 KJV)*** at ang katapatan ay magkaroon ng buhay pananalangin upang palaging makipag-usap sa Dios, ***"12 Mangagalak sa pagasa; magmatiisin sa kapighatian; magmatiyagain sa pananalangin;" (Roma 12:12 KJV)*** at ang katapatan ay kinakailangan din ng pagbibigay sa Dios ng kung anong nararapat sa Kanya mula sa iyong oras, talento, mga yaman, sa iyong ikapu, iba't ibang mga handog at ang iyong unang bunga at ang lahat ng materyal na mga bagay, na sa huli'y mapapakinggan ka ng Dios. ***"21 Sinabi sa kaniya ng kaniyang panginoon, Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay; pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon." (Mateo 25:21 KJV)*** * Ang lahat ng mayroon ka ay mula sa Panginoon at dapat kang maging tapat sa Dios at dalhin sa Kanya ang pinakamainam na ibinigay Niya sa iyo. Iyon ang magiging pagpapahayag ng iyong tunay na pananampalataya sa Dios nating Panginoon. * Ang pagbibigay ng mga unang bunga sa Dios ang ibig sabihin nito ay ilagay ang Dios una sa lahat ng iyong mga prayoridad, at iyon ang makakatulong sa iyo upang ganap na sumunod sa Dios at gawin ang lahat ng Kanyang mga utos. Si Abel ay handang ibigay ang mga unang bunga ng kanyang kawan, ngunit hindi sinunod ni Cain iyon, ***"3 At nangyari nang lumalakad ang panahon ay nagdala si Cain ng isang handog na mga bunga ng lupa sa PANGINOON. 4 At nagdala rin naman si Abel ng mga panganay ng kaniyang kawan at ng mga taba ng mga yaon. At nilingap ng PANGINOON si Abel at ang kaniyang handog:" (Genesis 4:3-4 KJV) "4 Sa pananampalataya si Abel ay naghandog sa Dios ng lalong mabuting hain kay sa kay Cain, sa pamamagitan nito'y sinaksihan sa kaniyang siya'y matuwid, na nagpapatotoo ang Dios tungkol sa kaniyang mga kaloob: at sa pamamagitan nito patay na siya ay nagsasalita pa." (Hebreo 11:4 KJV)*** Nagawa at handa si Abel na ialay sa Dios ang kanyang mga unang bunga dahil ang Dios ay lahat para sa kanya dahil pinahahalagahan niya ang kanyang natanggap mula sa Dios. Ngunit para kay Cain, ang Dios ay isa lamang sa mga bagay na mayroon siya dahil hindi niya makita na ang Dios ang Lumalang at ang lahat ng kanyang tinatamasa ay nagmula sa Kanya. Karaniwang tinuturuan ang mga tao na magbigay ng kanilang ikasampung bahagi, sa pagbibigay ng ika-sampu ng kanilang kita. Ngunit iilan lamang ang tinuturuan na magbigay ng kanilang mga unang bunga. Ang pagbibigay ng unang bunga ay pagbibigay ng kabuuang sahod sa Dios, at pagbibigay ng unang dagdag at unang bagong kita at unang sahod ng bawat taon at iba pa. Upang turuan ang iyong sarili na magbigay ng mga unang bunga, kailangan mong bawasan ang maraming hindi kailangang bagay upang magkaroon ka ng sapat na pagkain na maaari mong ialay ang iyong mga unang bunga.

***B. Ang katapatan ay kinakailangan din patungo sa iyong pamilya:*** Ito ay paggawa ng iyong pananagutan at takdang gawain patungo sa iyong pamilya na ipinagkaloob sa iyo ng Dios, ***"8 Datapuwa't kung ang sinoman ay hindi nagkakandili sa mga sariling kaniya, lalong lalo na sa kaniyang sariling sangbahayan, ay tumanggi siya sa pananampalataya at lalong masama kay sa hindi sumasampalataya." (1 Timoteo 5:8 KJV)*** Dapat nating alagaan ang ating mga pamilya; mga magulang at mga anak at ang mga malalapit na relasyon, pagbibigay sa kanila, at paglalaan sa kanila ng Salita ng Dios at pagtuturo sa kanila na sundin ang lahat ng iniutos sa atin ni Jesus. Pangungunahan sila sa landas ng katuwiran at payagan silang makasama natin sa paglilingkod sa

Panginoon tulad ng ipinahayag ni ***Joshue 24:15 "nguni't sa ganang akin at ng aking sangbahayan ay maglilingkod kami sa PANGINOON."***

***C. Kailangan din ang katapatan sa buhay may-asawa: "4 Maging marangal nawa sa lahat ang pagaasawa, at huwag nawang magkadungis ang higaan: sapagka't ang mga mapakiapid at ang mga mapangalunya ay pawang hahatulan ng Dios." (Hebreo 13:4 KJV)*** Ang asawang lalake at babae ay kinakailangang maging tapat sa isa't isa sa kanilang buhay may-asawa, ***"3 Ibigay ng lalake sa asawa ang sa kaniya'y nararapat: at gayon din naman ang babae sa asawa. 4 Ang babae ay walang kapangyarihan sa kaniyang sariling katawan, kundi ang asawa: at gayon din naman ang lalake ay walang kapangyarihan sa kaniyang sariling katawan, kundi ang asawa. 5 Huwag magpigil ang isa't isa, maliban kung pagkasunduan sa ilang panahon, upang kayo'y mamalagi sa pananalangin, at muling kayo'y magsama, baka kayo'y tuksuhin ni Satanas dahil sa inyong kawalan ng pagpipigil." (1 Corinto 7:3-5 KJV)*** Sa panahon ng pagkakahiwalay mula sa ating asawa dapat mong bantayan na mahulog sa pangangalunya. Ang katapatan at pagpipigil sa sarili ay makakagawa sa ating gawin iyon.

***D. Kailangan ang katapatan sa Simbahan ng Dios:*** Ang grupo ng mga mananampalataya kay Jesus ay bumubuo sa simbahan. Ang mga ito ay tinatawag din na pamilya ng Dios. Dapat isapamuhay ang katapatan sa simbahan, sa pamamagitan ng paggamit ng iyong mga talento upang pagsilbihan ang Dios at ang Kanyang bayan. Dapat mong ialay ang iyong oras, pera, pagsisikap at anumang mayroon ka para sa paglilingkod bilang pagpapahayag ng iyong pagmamahal at katapatan sa Panginoon. ***"11 Huwag mga tamad sa pagsusumikap; maningas sa espiritu; mapaglingkod sa Panginoon;" (Roma 12:11 KJV)*** Kinakailangan ipakita rin ang katapatan sa iyong mga kapatid sa pananampalataya kay Cristo. ***"10 Kaya nga, samantalang tayo'y may pagkakataon, ay magsigawa tayo ng mabuti sa lahat, at lalong lalo na sa mga kasangbahay sa pananampalataya." (Galacia 6:10 KJV)***

***E. Kailangan din ang katapatan sa trabaho na inilagay ka ng Dios:*** Dapat kang maging tapat sa iyong amo, sa lugar kung saan ka nagtatrabaho; gawin ang iyong trabaho nang tumpak at tapat kahit na nakatingin sila sa iyo o hindi. Ang mga sumusunod na Kasulatan ay magbibigay-linaw sa iyong isipan at tutulong sa iyo na maunawaan kung ano ang kailangan mong gawin sa iyong pinagtatrabahuhan. ***"5 Mga alipin, magsitalima kayo sa mga yaong ayon sa laman ay inyong mga panginoon, na may takot at panginginig, sa katapatan ng inyong puso, na gaya ng kay Cristo; 6 Hindi ang paglilingkod sa paningin, na gaya ng pagbibigay lugod sa mga tao; kundi bagkus gaya ng mga alipin ni Cristo, na ginagawa mula sa puso ang kalooban ng Dios; 7 Maglingkod na may mabuting kalooban, na gaya ng sa Panginoon, at hindi sa mga tao: 8 Yamang napagaalaman na anomang mabuting bagay na gawin ng bawa't isa, ay gayon din ang muling tatanggapin niya sa Panginoon, maging alipin o laya." (Epeso 6:5-8 KJV) "22 Mga alipin, magsitalima kayo sa lahat ng mga bagay sa mga yaong ayon sa laman ay inyong mga panginoon: hindi ang paglilingkod sa paningin, na gaya ng pagbibigay lugod sa mga tao, kundi sa katapatan ng puso, na mangatakot sa Panginoon: 23 Anomang inyong ginagawa, ay inyong gawin ng buong puso, na gaya ng sa Panginoon, at hindi sa mga tao; 24 Yamang inyong nalalaman na sa Panginoon ay tatanggapin ninyo ang ganting mana; sapagka't naglilingkod kayo sa Panginoong Jesucristo. 25 Sapagka't ang gumagawa ng masama ay tatanggap ng ayon sa masama na kaniyang ginawa; at walang itinatanging mga tao." (Colosas 3:22-25 KJV)***

***E. Kailangan ding maipakita ang katapatan sa mabubuting gawa at pag-uugali tungo sa lipunin at mga bansa na ating tinitirhan:*** Kasama rito ang mga lugar at mga siyudad na iyong tinitirhan; dapat mong sundin ang mga patakaran at sistema, panatilihin ang kaayusan, pangalagaan ang estruktura at sumunod sa lahat ng batas at tuntunin, ***"7 Ibigay ninyo sa lahat ang sa kanila'y nararapat: buwis sa dapat buwisan; ambag sa dapat ambagan; takot sa dapat katakutan; puri sa dapat papurihan." (Roma 13:7 KJV)*** Kailangan mo rin ipanalangin ang kanilang sa kabutihan, ***"7 At inyong hanapin ang kapayapaan sa bayan na aking pinagdalhan sa inyong bihag, at inyong idalangin sa PANGINOON: sapagka't sa kapayapaan niyaon ay magkakaroon naman kayo ng kapayapaan." (Jeremias 29:7 KJV)*** at tulungan silang itatag ang lipunang iyon sa tamang paraan. Kailangan mo ring ipakita ang katapatan at pagibig gayundin sa mga taong nasa kapaligiran mo gaya ng sinabi ni Jesus, ***"39 At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili." (Mateo 22:39 KJV)*** Kailangan mong kumilos bilang mabuting halimbawa sa iba upang bigyan silang huwaran na dapat nilang sundin. Ang katapatan ay dapat din ipalaganap sa ating mga bansa at bayan. Tayo ay may pananagutan na alagaan ang ating bansa at bayan upang itayo ito sa tamang paraan.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang katapatan ay ang magtatag ng pangako, pananagutan at maging isang responsableng tao. Ang katapatan ay alalahanin ang iyong mga pangako at panata na iyong ibinigay at na kailangan mong tuparin. Tulad ng ginawa ng Dios ng dakilang himala para sa iyo at iniligtas ka sa pamamagitan ni JesuCristo na ating Panginoon, maging tapat ka at lumapit sa Kanya at magsimulang maglingkod sa Kanya. Ipagkatiwala ang iyong buhay sa Kanya, maging responsable at managot sa lahat ng iyong natanggap mula sa Kanya at Siya ay gagantimpalaan ka. Manalangin tayo … .

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita at sa pagtuturo na nakuha ko sa mensaheng ito na ipinakita sa akin ang iyong katapatan sa akin at lahat ng ginawa mo sa akin at sa lahat ng kailangan kong gawin at ipakita ang aking katapatan at pasasalamat s aiyo. Panginoon salamat sa lahat ng pagtuturo, pagsaway, sa pagtutuwid at sa pagpapayo na tinaggap ko sa mensaheng ito.*

*Ipaggtapat at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat ang iyong walang katapatan, ang iyong walang pasasalamat at ng iyong pagsuway at kawalan ng takot sa Dios. Ipagtapat ang iyong kawalang kahandaang ibigay ang iyong ikapu, mga handog at unang bunag sa Dios. Ipagtapat ang iyong kawalang katapatan sa Dios, sa iyong pamilya, sa Simbahan ng Dios, sa iyong trabaho, sa lugar na tinitirhan mo at sa iyong bansa. Ipagtapat at talikdan ang iyong pagtataksil sa iyong asawa at kawalang kagustuhang gampanan ang iyong mga responsibilidad sa pag-aasawa. Ipagtapat at talikdan ang iyong katamaran at kakulangan ng pangako. Ipagtapat at talikdan ang lahat ng gawa ng laman sa iyong buhay. Ipagtapat ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at iyong kakulangan sa panalangin. Ipagtapat at talikdan ang iyong ugnayan sa mga hindi nananampalataya, sa Media, Balita, laro at sa mga kaibigan. Panginoon, patawarin mo ako. Ako ay nagsisisi sa mga sumusunod na kasalanan ______________________________________________________.*

*Panginoon Ako'y nagpapakumbaba sa iyong paanan. Panginoon, ipinagkakaloob ko ang aking sarili na maging tapat sa iyo sa aking buhay, na susunod sa iyong Salita at mga utos at sa aral na natanggap namin sa mensaheng ito. Panginoon, hubugin mo ako sa iyong Espiritu at ihubog sa paraan na nais mong maging ako. Tulungan mo akong maging mapagmahal at tapat sa mga tao sa paligid ko, ginagawa ang aking mga tungkulin at responsibilidad. Panginoon, ipinagkakaloob ko ang aking sarili na araw-araw basahin ang aking Bibliya at mamuhay ng isang buhay ng panalangin. Panginoon, ipinagkakaloob ko ang aking sarili na ibigay sa iyo ang aking puso, at ang aking buhay at magsimulang maglingkod sa iyo at gawin ang iyong kalooban ng buo hanggang sa katapusan ng aking buhay o hanggang dumating ka upang dalhin tayo sa Langit. Panginoon, ipinagkakaloob ko ang aking sarili na magbunga ng higit pa sa mga bunga ng Banal na Espiritu, pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pananampalataya, pagpipigil sa sarili, pagtitiis, mahabang pagtitiis, pasensya, kabaitan at kabutihan, upang makita ng mga tao si Jesus sa aking buhay. Panginoon, ipinagkakaloob ko ang aking sarili na ibigay sa iyo ang aking oras, aking serbisyo at ang lakas ng aking katawan para sa iyong ministeryo. Panginoon, ipinagkakaloob ko ang aking sarili na ibigay ang aking ikapu, aking handog at aking unang bunga. Panginoon, hiling ko sa iyo na patatagin ako ng iyong biyaya, upang ibigay ang aking mga pangangailangan, upang protektahan ako mula sa masasama at panatilihin akong malusog at panatilihin ang aking lakas upang ipagpatuloy ang paglilingkod sa iyo, ito ang aking pangako at aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen*

*Panginoon salamat sa aking mga kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at inialay ang kanilang buhay sa iyo upang maging tapat sa mga tuntuning natutunan namin mula sa mensaheng ito. Panginoon, tulungan mo silang mamuhay ng isang buhay na kaaya-aya sa iyo at matakot sa iyo at tuparin ang iyong kalooban ng lubos. Panginoon, sagutin mo ang kanilang mga panalangin, pin mo sila muli ng Banal na Espiritu at gamitin mo sila upang ipagpatuloy ang paglilingkod sa iyo at ipahayag ang iyong Salita sa iba.*

*Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan; Panginoon hinihiling naming muli na puspusin kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob upang makapunta kami at makapag-evangelio at gumawa ng mga bagong mga alagad at magsanay ng bagong mga mangagawa na yumaon at magtanim ng maraming pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon dalangin namin para sa maraming taong mabautismuhan sa tubig at maraming mga alagad na mabaustimuhan ng Banal na Espiritu. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.Panginoon kunin ang mensahe at ipalaganap ito na makaabot sa lahat n simbahan, kapisanan, manggagawa, kasapi at sa nalilgaw na mga kaluluwa. Panginoon ihanda kami para sa iyong pagdating na sumama kami sa iyo kapag dumating ka. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com